

## Tungkol sa Paid Family Leave ng California

Nilikha ang programang Paid Family Leave (May Bayad na Pagliban sa Trabaho para Alagaan ang Pamilya) ng California para sa mahahalagang sandaling iyon. Mayroong mga benepisyo para alagaan ang miyembro ng pamilyang may malubhang sakit, para mapalapit sa isang bagong anak, at para makibahagi sa isang kuwalipikadong kaganapang militar.

## Impormasyon Tungkol sa Paid Family Leave ng California

- Nagbibigay ng hanggang walong linggo ng mga benepisyong pamalit sa bahagi ng sahod. Hindi kailangang gamitin ang lahat ng leave sa iisang pagkakataon.
- Nagbibigay ng tinatayang 60 hanggang 70 porsyento ng lingguhan mong suweldo.
- Pinopondohan sa pamamagitan ng tax withholding ng State Disability Insurance, na nakasaad bilang "CASDI" sa mga paystub, o kuwalipikadong boluntaryong planong ibinayad sa nakaraang 5 hanggang 18 buwan.
- Upang mapalapit sa bagong anak, maaaring kunin ang leave sa lahat ng oras sa loob ng unang 12 buwan ng pagpasok ng bata sa pamilya.
- Hindi naaapektuhan ng pagiging karapat-dapat ang katayuan ng citizenship (pagiging mamamayan) at imigrasyon.

## Paano Kung Tinanggihan ang Aking Claim?

Kung tinanggihan ang iyong claim, may karapatan kang:

- Alamin ang dahilan ng pagtanggi.
- Iapela ang mga desisyon tungkol sa iyong pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo. Bisitahin ang Appeals (edd.ca.gov/Disability/Appeals.htm) para sa impormasyon.

Kumpidensyal ang lahat ng impormasyon tungkol sa claim maliban kung para sa mga layuning pinahihintulutan ng batas.

EDD Employment Development Department
State of California

## Ang Paid Family Leave

Pumaroon para sa mahahalagang sandali.

| | |
|---|---|
| **Ingles** | 1-877-238-4373 |
| **Espanyol** | 1-877-379-3819 |
| **Cantonese** | 1-866-692-5595 |
| **Vietnamese** | 1-866-692-5596 |
| **Armenian** | 1-866-627-1567 |
| **Punjabi** | 1-866-627-1568 |
| **Tagalog** | 1-866-627-1569 |
| **TTY** | 1-800-445-1312 |

Bisitahin ang Paid Family Leave or State Disability Insurance Office (edd.ca.gov/Disability/Contact_SDI.htm) na malapit sa iyo upang makuha ang mga claim form, tumanggap ng impormasyon, at makipag-usap sa isang kinatawan.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang:
CaliforniaPaidFamilyLeave.com

Ang EDD ay isang employer/programang nagbibigay ng pantay-pantay na oportunidad. Makukuha ang mga karagdagang tulong at serbisyo kapag hiniling ng mga indibidwal na may mga kapansanan. Ang mga kahilingan para sa mga serbisyo, tulong, at/o alternatibong format ay kailangang gawin sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-490-8879 (voice). Sa mga gumagamit ng TTY, mangyaring tawagan ang California Relay Service sa 711.





ANG PAID FAMILY LEAVE
NG CALIFORNIA

# Pagtulong sa mga taga-California na makasama ang pamilya sa mahahalagang sandali.







## Kuwalipikado ba ako sa Paid Family Leave ng California?

Upang maging kuwalipikado para sa mga benepisyo ng Paid Family Leave, kailangan mong:

- Lumiban sa trabaho upang alagaan ang isang miyembro ng pamilyang may malubhang sakit, upang mapalapit sa bago mong anak o upang makibahagi sa kuwalipikadong kaganapang militar.
- Maging saklaw ng State Disability Insurance (Seguro para sa may Kapansanan ng Estado o isang boluntaryong plano sa halip na State Disability Insurance.
- Kumita ng hindi bababa sa $300 sa nakaraang 5 hanggang 18 buwan.
- Isumite ang iyong claim nang hindi lalampas ng 41 araw pagkatapos mong masimulan ang family leave. Huwag mag-file bago ang unang araw ng iyong leave.

## Paano Kinukwenta ang mga Halaga ng Benepisyo?

Ang mga benepisyo ay 60 hanggang 70 porsyento ng pinakamataas mong kita kada tatlong buwan 5 hanggang 18 buwan bago magsimula ang iyong claim.

Tantiyahin ang iyong mga benepisyo sa Disability Insurance and Paid Family Leave Calculator (edd.ca.gov/PFL_Calculator).





## Nagbibigay ba ng Proteksyon sa Trabaho ang Paid Family Leave?

Hindi nagbibigay ba ng proteksyon sa trabaho ang Paid Family Leave ng California. Maaaring maibigay ang proteksyon sa trabaho kung kuwalipikado ka sa ilalim ng ibang mga batas:

- Federal Family and Medical Leave Act (dol.gov/agencies/whd/fmla).
- California Family Rights Act (Batas sa mga Karapatan ng Pamilya ng California). Department of Fair Employment and Housing (dfeh.ca.gov).
- New Parent Leave Act (Bagong Batas sa Pagliban ng Magulang sa Trabaho). Department of Fair Employment and Housing (dfeh.ca.gov).

Ipaalam sa iyong employer ang iyong planong lumiban at ang dahilan ng pagliban alinsunod sa patakaran ng iyong kumpanyan.

## Paano Ako Mag-a-apply para sa mga Benepisyo?

Maaari kang mag-apply para sa mga benepisyo ng Paid Family Leave gamit ang SDI Online (edd.ca.gov/SDI_Online).

Para mag-file sa pamamagitan ng koreo, kailangan mong kumpletuhin at isumite ang *Claim for Paid Family Leave (PFL) Benefits* (DE 2501F) form. Alamin pa sa File a Paid Family Leave Claim by Mail (edd.ca.gov/disability/How_to_File_a_PFL_Claim_by_Mail.htm).

## Mga Claim sa Pag-aalaga

Magbigay ng medikal na sertipikasyon para sa miyembro ng iyong pamilya na may malubhang sakit na nangangailangan ng pangangalaga. Ang sertipikasyong ito ay kailangang magmula sa kanyang lisensyadong propesyonal sa kalusugan. Kailangan mo ring ibigay ang impormasyon tungkol sa miyembro ng pamilyang inaalagaan mo at ang kanyang pirma.

## Mga Claim para Mapalapit sa Anak

Magbigay ng mga dokumentong nagpapakita ng iyong kaugnayan sa iyong anak. Ito ay maaaring isang kopya ng birth certificate (sertipiko ng kapanganakan) ng iyong anak, kasunduan sa pag-ampon, o rekord ng pagtatalaga ng foster na pangangalaga.

Kung kasalukuyan kang tumatanggap ng benepisyong Disability Insurance na nauugnay sa pagbubuntis, hindi na kailangang humiling ng Paid Family Leave claim form. Ang form na ipa-file para mapalapit sa anak ay ipapadala sa pamamagitan ng iyong SDI Online account o sa pamamagitan ng koreo kapag nagwakas na ang iyong claim para sa kapansanan na nauugnay sa pagbubuntis.

## Mga Claim para sa Tulong-Militar

Ang mga claim para sa tulong-militar ay nangangailangan ng dalawang uri ng mga sumusuportang dokumento. Maaari itong katibayan ng saklaw na active duty o pagkakatalaga sa saklaw na active duty at dokumentasyon ng kuwalipikadong kaganapan.

## Mga Boluntaryong Plano

Kung saklaw ka ng isang boluntaryong plano, makipag-ugnayan sa iyong employer para sa impormasyon tungkol sa iyong coverage at mga tagubilin tungkol sa kung paano mag-apply para sa mga benepisyo.